



Panginoon, Hilumin Mo Ako...



(Pambungad na Panalangin, sa pinakahuling pahina)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Is 35:4-7a)

Mga Katagang Naghihikayat

⁴ITO ang sabihin sa pinanghihinaan ng loob: “**Huwag kang matakot**, lakasan mo ang iyong loob, darating na ang Panginoong Diyos, at ililigtas ka sa mga kaaway.”

Ang Bunga ng Pagdating ng Diyos

⁵Ang mga bulag ay makakikita, at makaririnig ang mga bingi; ⁶katulad ng usa, ang pilay lulundag, aawit sa galak ang mga pipi. ⁷Mula sa gubat ay bubukal ang tubig at ang mga batis dadaloy sa ilang; ang umuusok na buhanginan ay magiging isang lawa, sa tigang na lupa ay babalong ang tubig.”

Tema: **Pagiging Matapang**

PAGPAPALIWANAG

• Ang ating teksto ay bahagi ng Proto (Unang) Isaias (Is 1-39)

- Ang teksto ay para sa “mahina ang loob” (b. 4).
- May dalawang bahagi ang teksto: Paghihikayat (Pagdating ng Diyos) (b. 4b); resulta (bb. 5-7)
- Estilo ng pagpapahayag: paralelismo sa b. 4b.
- Pansinin ang mga resulta: b. 5-6a ay sa katawan ng tao; bb 6-7 ay sa kapaligiran.
- Hindi kaya ng tao ang gumawa ng mga ganito.
- Sa kapangyarihan lamang ng pagdating ng Diyos mangyayari ang mga ito.

PAGNINILAY

Nais iparating itong Unang Pagbasa sa mga taong kasalukuyang nakararanas ng takot. Matinding pangyayari ang pagkakaroon ng takot. Maaring ito ay magdulot sa atin ng paralisis na gawin ang mga mabuting bagay. Tayo, na matakutin, ay nararapat na maniniwala sa ipinangako ng propeta (proto o unang Isaias, ang propeta sa Jerusalem sa kapanahunan ng kalagitnaan ng 700 BCE).

Ang kanyang ipinangako ay ang pagdating ng Diyos. Kapag naniniwala tayo na darating ang Diyos, dapat nang wakasan ang ating takot.

Kapag hindi na tayo natakot dahil naniniwala tayo na ang Diyos ay kapiling, maari na nating magagawa ang mga akala natin ay imposible.

Kailangan nating maniniwala sa mga salita ng propeta na mga salita ng Diyos. Wakasan na ang ating kahangalan (paranoia).

SALMONG TUGUNAN (Slm 145)
KALUL’WA KO, ’YONG PURIHIN ANG
PANGINOONG BUTIHIN.

IKALAWANG PAGBASA (San 2:1-5)

Huwag magtatangi ng Tao

MGA KAPATID, ¹bilang sumasampalataya sa ating Panginoong Hesukristo, ang dakilang Panginoon, **huwag kayong magtatangi ng tao.**

Eksena ng Pagtatangi

²Halimbawa: pumasok sa inyong kapulungan ang isang lalaking nakasingsing ng ginto at nakadamit nang magara, at isa namang dukha na panay sulsi ang damit. ³Kung asikasuhin ninyong mabuti yaong magara ang damit at sabihin sa kanya, “Dito kayo maupo,” at sabihin naman sa dukha, “Tumayo ka na lang diyan,” o kaya’y, “Sa sahig ka na lang maupo,” ⁴nagtatangi na kayo at humahatol nang mali.

Dahilan ng Hindi Pagtatangi

⁵Tingnan ninyo, mga kapatid kong minamahal! Hinirang ng Diyos ang mga dukha sa sanlibutan upang maging mayaman sa pananampalataya at maging kasama sa kahariang ipinangako niya sa mga umiibig sa kanya.

Tema: **Walang Pagtatangi ng Tao**

PAGPAPALIWANAG

• Ang Sulat ni Santiago ay isa sa mga sulat o liham na tinatawag na “Mga Sulat na Katoliko” (nangangahulugan, na hindi ipinadala para sa isang partikular na tao o grupo, katulad ng Liham sa mga taga-Corinto, taga-Efeso, atbp ngunit para sa lahat, **universal**).

• Nasa isip ng may akda ang mga kapatid sa pananampalataya sa panahon ng liturhiya kaya naisulat ito.

• Kapag hindi bukas ang isa, magkakaroon ng diskriminasyon, paghiwa-hiwalay ng mga tao, at pagkikiling sa mga mayayaman, kaya lalong ibinababa ang mga nasa mababa na ng antas ng lipunan.

• Sa mga pagtitipon ng mga Kristiyano sa liturhiya, kadalasan ang mga mayayaman ay binibigyan ng mga ekstra-espesyal na atensyon; ang mga dukha ay hindi pinapansin.

• Kaya ipinaglaban ng sulat na ito ang mga karapatan ng mga maralita, na sila ay dapat din makilahok sa mga pagtipon-tipon at liturhiya ng mga Kristiyano.

• Pinapaalalahanan ng sulat na ito ang mga nagtitipon na ang mga maralita ay hinirang ng Diyos upang maging mayaman sa pananampalataya at taga-pagsunod ng kaharian ng langit.

• Ano ang pakahulugan ng “pagiging mayaman sa pananampalataya”? Ano ba ang kahulugan ng pagiging mga tagapagsunod ng kaharian ng langit/Diyos?

PAGNINILAY

Sa ating mga pagtitipon-tipon, huwag natin pabayaan ang mga maralita, lalo na kung may kakulangan sa espasyo ng lugar.

Hindi natin dapat kaligtaan ang maidudulot ng mga dukha: pagiging mayaman sa pananampalataya at tagapagsunod ng kaharian

ng Diyos. Matututo tayo mula sa mga dukha (hindi sa mga mayaman) kung ano ang pakahulugan nito.

Hindi kailangan bigyan ng espesyal na atensyon ang mga mayayaman at mapapabayaang mga maralita (ang kanilang dignidad at halaga bilang mga anak ng Diyos). Ang mahalaga sa mata ng Diyos ay ang isang taong nagpapamalas ng pag-ibig sa Diyos hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan, mamahaling mga pahiyas, damit, *tattoo* o iba't ibang mga palamuti.

MABUTING BALITA (Mc 7:31-37)

Tagpuan

³¹NOONG panahong iyon, pagbalik ni Hesus mula sa lupain ng Tiro, dumaan siya sa Sidon, at nagtuloy sa Lawa ng Galilea, matapos tahakin ang lupain ng Decapolis.³²Dinala sa kanya ang isang lalaking **bingi at utal** at ipinamanhik nila na ipatong sa taong ito ang kanyang kamay.

Mga Kilos ni Hesus

³³Inilayo muna siya ni Hesus sa karamihan, at isinuot ang kanyang mga daliri sa mga tainga nito. Pagkatapos, lumura at hinipo ang dila nito. ³⁴Tumingala si Hesus sa langit at nagbuntong-hininga, at sinabi sa tao, “Effata,” ibig sabih’y “Mabuksan!”

Resulta: Paghilom

³⁵At nakarinig na ito, nawala ang pagkautal at nakapagsalita na nang malinaw.

Pagbabawal na Hindi Ipaalam sa Iba

³⁶Sinabi ni Hesus sa mga tao na huwag ibalita ito kaninuman; ngunit kung kailan sila pinagbabawalan ay lalo naman nilang ipinamamalita ito. ³⁷Sila’y lubhang nanggilalas, at ang wika, “Anong buti ng lahat ng kanyang ginawa! Nakaririnig na ang bingi, at nakapagsasalita ang pipi!”

Tema: **Ipinagaling ang Taong Bingi at Utal**

PAGPAPALIWANAG

- Ang Tiro at Sidon ay mga lugar na naririnig natin ngayon sa balita dahil sa gulo sa Syria, Lebanon at Yemen, atbp.

- Pamilyar din ang lawa ng Galilea, ngunit hindi ang Decapolis (tingnan sa Mapa kung maaari).

- Ang mga taong nagdala ng bingi at utal ay mula sa Decapolis (10 siyudad).

- Ipinagaling ni Hesus ang bingi at utal dahil sa kagustuhan ng mga tao.

- Ang mga ginawa ni Hesus sa pagpagaling:
 - inilagay ang mga daliri sa tainga
 - dumura, hinawakan ang dila
 - tumingala sa langit, at tumunog
 - nagsabi, “Effata”

- Ang Himala:
 - nabuksan ang tainga
 - lumambot ang dila
 - at nakapagsalita ito

- Pinagbawalan ang mga tao na magsalita tungkol nito, ngunit lalo nila itong “Ipinahayag” o “ipinabalita”.

- Pansinin ang salitang ginamit: Ipinahayag nila. Hindi lamang sinabi, kinikuwento...

- Ibinalita nila dahil sa kanilang naranasang pagkamangha at pagka“bulaga.”

PAGNINILAY

Ang paghilom ay bunga ng mga sumusunod:

- ang pananampalataya ng mga taong na naghatid ng may sakit at ang kapangyarihan ni Hesus.

Kailangan natin ng paghilom. Sa kabilang dako tayo ay bingi at utal. Maraming pagkakataong hindi tayo nakakarinig at hindi

nakakapagsalit ng maayos. Kaya hindi natin nabigbigyan ng halaga at papuri ang Diyos at ang iba sa ating paligid.

Hindi tayo magkakaroon ng paghilom kung hindi natin hayaang dadalhin tayo kay Hesus.

Tungkol sa Pagpapahayag ng Mabuting Balita

Ang Pagpapahayag ay bunga ng pagpatotoo sa isang may kahalagahan.

Walang sagsay ang katahimikan kung dumadanas ka sa isang mahalagang bagay. Normal lang na ito ay iyong ipapahayag.

Sa ating patuloy na pagbabasa ng Mmabuting Balita, matutunghayan natin na ang ang mga tainga at mga bibig na pinagaling ni Hesus ay siyang nagpapahayag na si Hesus ang Kristo!

II. PAG-UUGNAY

Iba't iba ang mga dinidiin ng mga Pagbasa:

(Pangwakas na Panalangin)

PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

Ang Unang Pagbasa ay tungkol sa hindi pagkakatakot.

Ang Ikalawang Pagbasa ay tungkol sa Pagiging Bukas sa Lahat at ang Mabuting Balita ay tungkol sa Paghilom.

Paano mo sila mauugnay? Paghihilom. Sa Unang Pagbasa, kapag matalo ang takot, may paghihilom; sa Ikalawang Pagbasa, pag nagkakaroon ng pantay-pantay na pakikitungo sa komunidad, nagkakaroon din ng paghihilom.

III. SALAMIN NG BUHAY

Anu-ano ang iba't ibang mga klaseng paghihilom ang iyong nararanasan sa kasalukuyang panahon?

- Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM
-Isinalin ni Br. Hansel Mapayo, SSP

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.
Luwalhati... (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)